

7 Bagay na dapat malaman tungkol sa pagpapa-mammogram

7 Things to Know about Getting a Mammogram - Tagalog

Ang mga mammogram (mga x-ray sa suso) ay ang pinakamahuhusay na pagsusuri na mayroon tayo para matuklasan nang maaga ang cancer sa suso, kung kailan maaaring mas madali itong gamutin. Kausapin ang iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan tungkol sa kung kailan magpapa-mammogram. Narito ang kailangan mong malaman tungkol sa pagpapa-mammogram

Ang mammogram ay isang x-ray sa suso na ginagamit upang matuklasan ang mga pagbabago sa suso. Isinasagawa ang mga mammogram gamit ang makinang tumitingin lamang sa tisyu sa suso. Ang makina ay kumukuha ng mga x-ray sa mabababang dosis ng radiation kaysa sa mga x-ray na isinasagawa para tingnan ang ibang mga bahagi ng katawan.



1 Ano ang mammogram?



2 Saan ito makukuha

Maghanap ng center na nagsasagawa ng mga mammogram sa isang araw. Kapag nakahanap ka ng center na gusto mo, manatili rito. Ang pagkakaroon ng lahat ng iyong mammogram sa parehong lugar ay magpapadali para sa mga doktor na maikumpara ang mga imahe mula sa isang taon hanggang sa susunod. Kung ikaw ay nagpa-mammogram sa ibang mga center, ipapadala ang mga imaheng iyon sa bago mong center.

Pinakamainam na maipa-iskedyul ng iyong mammogram mga isang linggo pagkatapos ng iyong pagreregla. Ang iyong mga suso ay hindi magiging maselan o mamamaga, na nangangahulugang mas kaunting kahirapan sa panahon ng mammogram.




3 Kailan ito ipapa-iskedyul

Magsuot ng isang 2-piece na damit dahil kailangan mong hubarin ang iyong pang-itaas at bra. **Huwag** gumamit ng deodorant, antiperspirant, pulbos, lotion, o ointment sa o sa palibot ng iyong dibdib sa araw ng iyong mammogram. Ang mga produktong ito ay maaaring lumitaw bilang mga puting batik sa x-ray.



Ang buong proseso ay aabutin ng humigit-kumulang 20 minuto. Sinisiksik ang suso sa pagitan ng dalawang plastik na plate ng ilang segundo habang kinukuhanan ng x-ray. Ang mga plate ay inuurong sa bagong posisyon at muling sinisiksik ang suso para makuhanan ng iba pang pananaw. Ang parehong proseso ay isinasagawa sa kabilang suso. Ang pagpapatag ng suso ay maaaring maging hindi kumportable, ngunit kailangan para makapagbigay ng pinakamalinaw na pananaw.

Dapat mong makuha ang iyong mga resulta sa loob ng 10 araw. Kung hindi, tumawag para itanong ang tungkol dito. Kung may nahanap ang mga doktor ng bahaging mukhang naiiba kumpara sa natitirang bahagi ng iyong suso, malamang na kailanganin mong kumuha ng mga bagong x-ray o kumuha ng iba pang mga pagsusuri. Ngunit ito ay hindi nangangahulugang ikaw ay mayroong cancer. Maaaring may nakita ang doktor na makapal na tisyu ng suso o cyst. Sa ibang mga pagkakataon, hindi lang malinaw ang imahe at kinakailangan na muling kunan. Kung ito ang una mong mammogram, maaaring gustuhin ng iyong doktor na mas higit pang tingnan ang isang bahagi dahil walang nakaraang mammogram na paghahambingang ito.



Para sa mga kababaihang walang insurance o hindi kayang bayaran ang gastos, mayroong mga serbisyo ng mammogram na libre o mura. Ang ilan sa mga programang ito ay isinasagawa sa panahon ng National Breast Cancer Awareness Month sa Oktubre, habang ang iba ay inihahandog sa buong taon. Tumawag sa American Cancer Society sa **1-800-227-2345** upang mahanap ang programang malapit sa iyo.



Bisitahin ang cancer.org/breastcancer para sa higit pang impormasyon at suporta para sa breast cancer.

